



Ang kasaysayan ng demokratikong konsultasyon sa UP

Marahil lubhang pangkaraniwan na lamang na nagaganap ang konsultasyon o demokratikong pagsangguni sa iba't ibang sektor ng akademikong yunit o komunidad tuwing may nakatakdang pagpapalit ng pamunuan sa UP kung kaya't 'di na ito masyadong napapansin.

Ngunit sa kasaysayan ng UP, may panahong hindi ito bahagi ng proseso sa pagpili ng pinuno ng yunit sa Unibersidad.

Ibinahagi ni Prop. Neil Martial R. Santillan, PhD, tagapangulo ng

Departamento ng Kasaysayan, na malaki ang ginampanang papel ng mga fakulti ng Departamento sa pagkilala ng kahalagahan ng demokratikong konsultasyon sa proseso ng pagpili (search process) at pagtalaga ng mga pinuno ng mga akademikong yunit ng Unibersidad, maging ng mga tsanselor at pangulo nito.

Sa naganap na webinar noong Pebrero 2 na “Celebrating the Legacy of the Diliman Commune,” naikuwento ni Santillan sa kanyang Pambungad na Mensahe na mariing pinanawagan ng isang grupo ng fakulti sa pamumuno ni Prop. Teodoro Agoncillo ng Departamento ng Kasaysayan na ipadaloy ang demokratikong konsultasyon sa pagpili ng kanilang pinuno sa Departamento.

Bago nito, ipinagtibay ng Lupon ng mga Rehente (BOR) ang rekomendasyon ni Dekano Cesar Majul ng Kolehiyo ng Arte at Agham (AS) at Pangulong Salvador P. Lopez ang paghirang kay Prop. Oscar M. Alfonso, PhD, bilang tagapangulo ng Departamento sa panahong 1969 hanggang 1970. Tinutulan ito ng grupo ni Agoncillo na umabot sa paghamon niya ng paglulunsad ng isang malawakang protest classes hanggang sa makamit nila ang hinihiling na democratic consultation.

“Naganap ang bangayan sa loob ng Departamento sa panahon na yumabong ang kolektibong pagkilos ng mga guro at estudyante sa Unibersidad na maisabuhay ang demokratikong konsultasyon ng mga yunit akademiko na magpasya sa pagpili ng kanilang pinuno at nagbunga ito,” ani Santillan.



UP Department of History

Santillan

Ayon din kay Santillan, nagbunsod ito sa pag-usbong ng Movement for the Democratization of the University noong Pebrero 1970.

“Sa ganoong din buwan, nakipagpulong si Pangulong Lopez at Dean Majul sa kaguruan na ang layon ay ang makabuo ng consensus kung sino ang mamumuno sa Departamento,” aniya.

Naganap ang unang demokratikong konsultasyon ng pamunuan ng Unibersidad sa isang yunit akademiko (Departamento ng Kasaysayan) noong Marso 1970. Bunga nito ay nahirang si Prop. Honesto Villanueva bilang unang pinuno ng isang yunit akademiko sa Unibersidad na dumaan sa prosesong ito.

“Naisabuhay nito ang diwa ng pagbibigay autonomiya sa mga yunit akademiko na magpasya,” dagdag pa ni Santillan.

Naibahagi rin niya na samu’t saring pagbabago ang nasaksihan sa loob at labas ng UP bunsod ng mga kilos protesta.

“Sa kabuuan, hinamon ng Sigwa at barikada ng kabataan ang kinagisnang pananaw at pamamaraan sa pamumuno, lipunan, kultura at kapangyarihang bayan. Sa ganitong konteksto, lumitaw at lumabas sa Unibersidad ang Sikolohiyang Pilipino, pantayong pananaw, Pilipinolohiya o Araling Panlipunan bilang makabagong larang ng pagbasa ng kultura ng lipunang Pilipino mula sa sarili nating pagdadalumat at pagpapakahulugan,” aniya.

Bilang pangwakas, hiniling ni Santillan na nawa’y magsilbing plataporma ang webinar sa pagkilala ng mahaba at makabuluhang kasaysayan ng pakikibaka “ng kabataan at sambayanan upang maitaguyod ang isang lipunang marangal, mapagkalinga at demokratiko.”

Schedule of Activities for the Search for the Deanship of the Asian Center

 	
Schedule of Activities	
Deadline for submission of nominations	19 March 2021 (Fri)
Public forum: Presentation of Accomplishments of Incumbent Dean	6 April 2021 (Tues); 8-10 AM
Presentation of Vision and Plans of Nominee/s	6 April 2021 (Tues); 8-10 AM
Interview of stakeholders	7 April 2021 (Wed)
Interview of nominee/s	8 April 2021 (Thurs)
Submission of report and recommendations to the Chancellor	16 April 2021 (Fri)